




# TIPID TIPS SA SASAKYAN




**BAGO BUMIYAHE TINGNAN ANG MGA SUMUSUNOD:**



- Dami ng gasolina o diesel sa tangke, langis ng makina at tubig sa *radiator*.


- Posibleng tagas sa lalagyan ng gasolina/*diesel*, langis at tubig.






- Kondisyon ng *fan belt, clutch, brake,* gulong at baterya.

- Plano ng biyahe upang mapag-isa ang mga lugar na magkakalapit para masulit ang paggamit ng sasakyan at makatipid sa gasolina at oras.




# TIPS PARA SA DRIVER NG SASAKYAN

- Mas mainam magpakarga ng gasolina sa umaga kaysa sa tanghali.



- Umiwas sa trapiko sa pamamagitan ng paggamit ng *alternate routes*.




- Iwasan ang biglaang arangkada o pagpapatulin o pagkarera sa daan.

- Hangga't maari ay panatilihing katamtaman ang tulin ng sasakyan upang maiwasan ang pabigla-biglang pag-preno na makaka-aksaya ng gasolina. Napag-alaman na makakatipid ng 25% sa konsumo ng gasolina kung ibababa ang takbo mula 120 hanggang 80 kilometro kada oras.



- Makakatipid ng 5% - 10% sa konsumo ng gasolina kung may sapat na hangin ang gulong.

- Bawasan ang paggamit ng *aircon* kung malamig naman ang panahon. Karagdagang *load* ito sa makina ng sasakyan na kumukonsumo ng mahigit sa 10% na gasolina kaysa pangkaraniwan.




- Maging palaging alerto sa kalsada.






- Magkarga ng pasahero o ng mga gamit na naaayon sa kapasidad ng sasakyan. Ang pagkarga ng labis ay mas makonsumo sa gasolina lalo na sa paakyat na daan sa kadahilanang palaging irerebolusyon ng mataas ang makina para ito'y makaahon ng paakyat.







- Hangga't maari huwag pabayaang naka-*idling* ang sasakyan ng labis sa tatlong minuto; sa ganitong pagkakataon dalawang (2) litro ng gasolina o krudo kada oras ang karagdagang nauubos.

- Iwasan hangga't maaari ang *reverse gear maneuvers* lalo na sa pag-*park* ng sasakyan.








- Ugaliing ipa-*check-up* ang sasakyan upang maagapan at maayos ang konting diperensya kung mayroon man. Ang anim na buwang pagitan bawat *tune-up* ay kanais-nais.

- Iwasan ang aksaya!

- Isara ng maigi ang lalagyan ng gasolina upang hindi sumingaw o tumagas.



***CHECKLIST***

## Makina

- Suriin kung malinis ang *air filter* at ugaliing palitan ang langis sa takdang panahon kung kailan ito naka-*schedule*.



- Inspeksyunin ang mga *fan belt* at siguraduhing maayos, walang lamat at mahigpit ang pagkakakabit nito.

- Pakiramdaman ang kakaibang tunog ng makina.

- Inspeksyunin ang mga *radiator hose* at siguraduhin na walang bitak, punit o paglalambot.

**Para sa karagdagang kaalaman o impormasyon, tumawag sa telepono bilang 840-1401 locals 214, 275;**

**Telefax 840-2243.**

**O ipadala ang mga katanungan sa**

**Enertext: DOE<space><message>**
**tapos ipadala sa 2920**

Department of Energy
Energy Center, Fort Bonifacio
Taguig, Metro Manila